# Mga Patakaran sa Evacuation Center 避難所ルール(タガログ語版)

**Para makapag-stay kayong lahat nang payapa sa panahon ng sakuna, mayroon kaming mga patakaran dito sa evacuation center. Maraming salamat sa inyong pag-unawa at kooperasyon.**

Mutsumi Daini Elementary School – Komite ng Pamamahala sa Evacuation Center

- Ang evacuation center na ito ay nagsisilbing sentro ng tugon sa sakuna para sa ating komunidad.
- Ang evacuation center ay pinapamahalaan ng Komite ng Pamamahala at ng mga evacuees.
- Plano naming panatilihing bukas ang center hanggang sa maibalik ang mga mahahalagang serbisyo (tulad ng tubig, kuryente, at gas) sa lugar.
- Ang mga taong sira ang bahay at hindi makatira ang priority. Kung OK naman ang bahay ninyo, **kapag puno na dito, baka kailangan kayong umuwi muna. Sana maintindihan ninyo ang sitwasyon at makipagtulungan.**
- Para sa mga residenteng nananatili sa bahay, sa sasakyan, o sa tolda (sa halip na sa loob ng center):
    - Kung may kailangan kayong gamit, isulat sa evacuation card *(card para sa pag-register at pag-request ng supplies)*. Hihingi namin sa Matsudo City.
    - Unang 3-4 na araw kulang pa ang mga gamit, priority muna ang nakatira dito. Kapag dumami na ang relief goods, balik kayo.
    - Kapag may dumating na relief goods, by reservation ang pagbigay. Kapag ubos na, mag-register kayo ulit para sa susunod.
    - Sana maintindihan ninyo na kapag malaking sakuna, hindi namin mabibigay lahat ng hinihingi ninyo. Salamat sa inyong pasensya.
- Mag-register kayo by pamilya.
- Kapag aalis na kayo, sabihin ninyo sa amin ang bagong address ninyo.
- Ang mga aso, pusa, at iba pang hayop ay kailangan sa labas lang alagaan sa itinalagang lugar (para sa kalinisan at sa mga may allergy sa hayop).
- **Paalala**: Sa Japan, nakaugalian ang pagtanggal ng sapatos sa loob ng bahay o gusali para sa kalinisan. Sa mga sleeping area, tanggalin ang sapatos. Ilagay ang sapatos ninyo sa plastic bag at inyong dalhin.
- Ang mga gusali ng paaralan ay hindi maaaring gamitin nang walang espesyal na pahintulot mula sa mga awtoridad ng paaralan, dahil layunin naming bawasan ang pagkagambala sa edukasyon at maipagpatuloy ang mga klase sa lalong madaling panahon.
- Sundin ang mga nakasulat na "Bawal Pumasok," "Bawal Gamitin," at "Mga Reminder."
    - Ang mga relief goods ay ipapamahagi sa lahat, pero sa umpisa priority ang mga bata, buntis, matatanda, at may kapansanan.
- Ang pagkain at gamit ay ibibigay sa bawat living group na gagawin namin, hindi individual.
- Para sa powdered milk, lugaw, diaper, at iba pang special needs, sabihin sa staff.
- Bawal mag-yosi sa loob ng school.
- Maaaring baguhin ang mga patakaran kung kinakailangan. Ipapaalam namin sa inyo sa pamamagitan ng mga abiso.

Version:2025/8/3

# Para sa mga may Pet

ペット飼育のルール(タガログ語版)

**Ang evacuation center ay lugar kung saan maraming tao ang nagsasama. Para makapag-stay kayong lahat nang payapa - kasama na ang mga taong may allergy sa hayop o natatakot sa kanila - sana tulungan ninyo kami sa mga patakaran na ito.**

Mutsumi Daini Elementary School – Komite ng Pamamahala sa Evacuation Center

- Hindi pinapayagan ang mga alagang hayop na pumasok sa gymnasium o anumang gusaling may tao. Ilagay sa cage at alagaan sa labas na itinalagang lugar.
  - Maraming tao dito na magkakasamang nakatira, kaya ginagawa namin ito para sa kalinisan (hygiene) at para protektahan ang mga may allergy sa hayop.
- Walang pagkain at tubig para sa mga pet dito, hindi namin mabibigay. Kayo ang mag-provide. Panatilihing malinis ninyo lagi ang lugar ng inyong pet at i-disinfect kung kinakailangan.
- Panatilihing maayos ang safety at cleanliness, huwag makakagambala sa ibang tao.
- Ang pet droppings ay sa itinalagang lugar lang, at linisin ninyo agad pagkatapos.
- Mag-feeding sa takdang oras at linisin ninyo agad ang lugar.
- Mag-ingat sa fleas, ticks, at iba pa. Panatilihing malusog ang inyong pet.
- **Mahalagang Paalala**: Ang paglalakad at pag-brush ng pet ay sa labas lang. Hindi pinapayagan sa loob ng evacuation center.
- Kung may mga problema o alitan sa ibang evacuee, makipag-ugnayan agad sa Hygiene Team (mga staff ng evacuation center).

Version:2025/8/3